

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 7
Mga Sinaunang
Kabihasnang sa Asya
Ikalawang Markahan – Ikalawang Linggo



Marissa R. Pantoja

Manunulat

Ma. Martha R. Ullero

Tagasuri

Carol C. Monroid

Layout

Felipa R. Dawa

Marlyn B. Latina

Grace B. Columbino

Katibawan na Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa **Mga Sinaunang Kabihasan sa Asya**. Nais mo bang malaman ang pagsibol at pag-unlad ng sinaunang kabihasan sa Asya?

Sa bahaging ito ng aralin sisikapin nating tuklasin ang mga konsepto at kahulugan ng kabihasan at kung paano ito sumibol, umunlad, at at nagpatuloy sa kasalukuyang panahon. Lilinangin ang dating kaalaman at pang-unawa. Sa pagpapahusay ng agrikultura at sitemang pangkabuhayn, kasabay sa pagtatag ng organisadong pamahalaan at imbensiyon ng pagsulat, unti-unting nakamit ng mga sinaunang Asyano ang maunlad na pamumuhay na nagbigay daa-daan sa pag-usbong ng mga kabihasan sa Asya.

Magsasagawa ng mga kasanayan para sa pagtuklas ng mga kaalaman na may kaugnayan sa pag-usbong ng kabihasan sa Asya. Marahil ay handa ka na para sa pagbabasa at pagsasagawa ng mga Gawain. Tara, simulan na natin!

Mga Aralin at Sakop ng Modyul:

Yunit II- Mga Sinaunang Kabihasan at Pamumuhay sa Asya

Aralin I - Mga Sinaunang Kabihasan sa Asya - Kabihasnang Sumer

Pagkatapos ng pagsagot sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Napaghahambing ang mga sinaunang kabihasan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina) MELC AP7KSA-IIc-1.4
2. Naitatala ang mga pagbabago at pag-unlad ng pamumuhay ng Kabihasnang Sumer.
3. Nasusuri ang pamumuhay at pag-unlad ng sinaunang kabihasnang Sumer.
4. Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng sinaunang kabihasnang Sumer.



UNANG PAGESUBOK

I. Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Ano bagong pangalan ng bansa ito sa kasalukuyan, ang kanyang dating sinaunang pangalan ay Mesopotamia?
A. Indus
B. Iraq
C. Iran
D. Shang
2. Ang Mesopotamia ay bahagi na rin ng isang mayamang lupain na tinatawag na____
A. Fertile Crescent
B. Mesopotamia
C. Iraq
D. Tigris at Euphrates

3. Sistema ng pagsulat sa Kabihasnang Sumer ____

A. Cuneiform	C. Pictogram
B. Calligraphy	D. Sanskrit
4. Templo ng mga Sumerians na pinamumunuan ng haring Pari ____

A. Gusali	C. Simbahan
B. Templo	D. Ziggurat
5. Naitala ang mahalagang tradisyon at epiko sa sinaunang kabihasnang Sumer ____

A. Gilgamesh	C. Relihiyon
B. Paring hari	D. diyos-diyosan

II. Tama o Mali: Panuto: Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang sinasaad ng pangungusap at kung **MALI** pag di wasto ang pangungusap, **palitan ang salitang nakasalungguhit**. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

- ___ 6. Ang Mesopotamia ay kinilala bilang “Cradle of Civilization” dahil dito unang umusbong ang sibilisadong tao.
- ___ 7. Ang mga Sumerian ang kinilalang nagpasimula ng Unang kabihasnang sa daigdig.
- ___ 8. Karaniwang umunlad ang sinaunang kabihasnang sa Asya sa mga kabundukan.
- ___ 9. Pinaniniwalaang sa kabihasnang Sumer nagsimula ang panahon Neolitiko.
- ___ 10. Ang Fertile Crescent ay tumutukoy sa matabang lupain sa pagitan ng dalawang ilog ng Tigris at Israel.
- ___ 11. Ayon sa matandang paniniwalang Sumerian, ang mga kabundukan ay sentro ng kapangyarihang “supernatural” sa mundo.
- ___ 12. Ang mga Sumerian ay may mga espesyalisasyon sa trabaho na nagbibigay daan sa pag-usbong ng mga uring panlipunan.
- ___ 13. Ang ibabang palapag ng ziggurat ay nagsisilbing bahay ng mga mangangalakal at gawaan ng artisano.
- ___ 14. Ang bawat lungsod ng Sumerian ay may espesyal na diyos o diyosa na nagsisilbing parang pari.
- ___ 15. Ang sentro ng lipunang Sumer ay nakatuon sa relihiyon.



BALIK-TANAW

Gawain 1: Konsepto ng Kabihasanan

Panuto: Basahin ng mabuti ang pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang.

Kabihasanan	Lambak -ilog	Lungsod
Sibilisasyon	Apoy	

- _____ 1. Masalimuot at mayabong na pamumuhay sa lungsod.
- _____ 2. Pamumuhay na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao.
- _____ 3. Sa pag-aaral ng kasaysayan ng mga sinaunang tao, dito madalas na nabubuo ang kabihasanan.
- _____ 4. Ang sibilisasyon ay isang lipunan na may mataas na antas ng kultura at organisadong panlipunan, ito ay hango sa isang salitang “Latin” na “Civitas” na ang kahulugan ay ..
- _____ 5. Isang mahalagang natuklasan ng sinaunang tao sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagkiskis ng bato.



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Sa panibagong araling ito ay pagtutuunang pansin ang mga sinaunang kabihasanan na umusbong sa Asya. Paano hinubog at nagawang napaunlad ng sinaunang tao ang pagkakakilanlang Asyano? Bakit sa mga lugar na ito nagsimula ang sinaunang kabihasanan? Paano nila hinarap ang bawat kabihasanan anghamon ng kalikasan? Paano nakaimpluwensya ang sinaunang kabihasanan sa pagbuo at pag-unlad ng pamayan? Mahalagang maiugnay mo ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin upang ganap na maunawaan ang paksa.

SINAUNANG KABIHASNAN MESOPOTAMIA-SUMER

Ang Fertile Crescent ay tumutukoy sa nakalatag na matabang lupain sa pagitan ng dalawang ilog ng Tigris at Euphrates. Ito ay nakalatag ng paarko mula Persian Gulf hanggang Mediterranean Sea. Sakop ng lupaing ito ang Israel, Lebanon, Jordan, Syria, at Iraq. Ang Mesopotamia ay o lupain sa pagitan ng dalawang ilog ay naging lunduyan ng mga sinaunang kabihasanan ng mga Sumerian, Akkadian, Babylonian, at Asyrian at sa kasalukuyan ang kabuauan ng ilog lambak ay bahagi na ng Iraq.



Pinagkunan: <http://www.mrsk.net/Content%20Standard%206.2.1.html>

Kayamanan: Worktext sa Araling Panlipunan ang Pilipinas sa Asya p. 66

KABIHASNANG SUMER



Ang Mesopotamia ang kinilala bilang Cradle of Civilization dahil dito umusbong ang sibilisadong tao. Unang matatagpuan ang Mesopotamia sa Gitnang Silangan na tinawag na Fertile Crescent (Irag), isang arko ng matabang lupa na naging tagpuan ng iba't ibang grupo ng tao mula sa Persian Gulf hanggang sa dalampasigan ng Mediterranean Sea. Sa lugar na matatagpuan ang llog ng Tigris at Euprates kung saan umusbong ang kabihasan. Noong panahong Neolitiko naitatag ang ilang pamayanan Mesopotamia tulad ng Jericho sa Israel at Catal Huyuk at Hacilar sa Anatolia (Turkey sa kasalukuyan, 6000 BCE) na pawang mga pamayanang agrikultural.

Nagkaroon ng malawakang pagtanim ng trigo at barley sa mga lugar na ito at pinaniniwalaan din na natuto silang mangaso at mag-alaga ng mga hayop. Subalit hindi rin nagtagal ang mga naturang pamayanan dahil sa salat ang kapaligiran labas ng rehiyon sa upang mapunan ang pangangailangan ng mga pamayanan na ito. Tanging ang kasagutan sa mga suliranin na ito ng pamayanan ay ang matabang lupa ng Tigris at Euphrates kung saan umusbong ang Kabihasnang Sumer (3500 - 3000 BCE) itinuring na pinakamatanda at pinakaunang kabihasan sa daigdig.

Dito nagsimula ang pag-usbong ng iba't ibang lungsod tulad ng Ur, Uruk, Eridu, Lagash, Nippur, at Kish. Dahil sa kanilang pinagsanib na kakayahan at paniniwala sa mga diyos ay naitatag ang templo na tinawag na Ziggurat, Sumer. Pinamunuan ng mga haring pari ang mga lungsod dito na hindi lamang lider ispiritwal at politikal. Sila ay kumakatawan sila bilang tagapamagitan ng tao sa diyos kayat na- giging kontrolado ng mga diyos diyosan ang pamumuhay ng tao.

Sa usaping pamumuhay naman ay may kaniya-kaniyang espesyalisasyon ang mga Sumerian na naging hudyat ng pag-uuri ng tao sa lipunan. Mataas ang tingin sa mga pinunong hari, kasunod nito ang mga mangangalakal, artisano, at mga scribe, at sa huli ang mga magsasaka at alipin. Paglaon ay natuklasan ang sistema ng pagsulat na tinawag na cuneiform kung saan ay naitatala ng mga scribe sa mga clay tablet ang mga mahahalagang pangyayaring nagaganap. Nagkaroon din ng pag-unlad sa kanilang sining at naitala ang mahahalagang tradisyon at epiko tulad ng Gilgamesh na katibayan ng kanilang kabihasan.

Naimbento rin ang teknolohiya sa pagsasaka tulad ng araro at mga kariton na may gulong at natuklasan din ang paggawa ng mga palayok at paggamit ng perang pilak. Sumunod na natuklasan ay ang paggamit ng lunar calendar at ang decimal system. Ito ay mga patunay nanagkaroon ng pag-unlad ang kabihasnang Sumer. Subalit sa kabila ng kanilang kaunlaran na ito, hindi naiwasan na may mga grupo na nainggit sa natamo nilang pag-unlad dahilan upang sakupin ang kanilang lupain na naka- pagpabagsak sa kanilang kabihasan.

*Pinagkunan: ASYA: PAGKAKAISA SA GITNA NG PAGKAKAIBA p. 112 - 113
www.woldatlas.com/webimage/country/meriv.html.*



GAWAIN

Gawain 2: Suriin ang Teksto

Panuto: Batay sa tekstong iyong nabasa mula sa Kabihasan Sumer. Sagutan ang talahanayan tungkol sa pagbabago at pag-unlad ng pamumuhay sa nasabing kabihasan.

	Lugar na pinagmulan ng kabihasan	Mga unang pamayanang umusbong	Kabihasnang umunlad	Uri ng pamumuhay
SUMER →				

Pinagkunan: Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa mag-aaral p. 115

GAWAIN 3: Pagtukoy sa Tiyak na Kaalaman

Panuto: Magbigay ng konseptong inyong natutunan batay sa paksang tinalakay

1. Ilarawan ang Fertile Crescent.

2. Maituturing bang bihasa o magaling sa iba't ibang uri ng hanapbuhay ang mga Sumerian? Patunayan ang iyong sagot

3. Bakit naging matagumpay ang kabihasnang Sumer?

4. Ano ang naging hamon ng kalikasan sa Mesopotamia? Paano nalutas ang problemang ito?

5. Ano ang pinakamahalagang kontribusyon sa daigdig ng mga Sumerian? Bakit?



TANDAAN

- Sumer ang tawag sa rehiyon sa timog na bahagi ng Mesopotamia kung saan nabuo ang unang kabihasnang sa daigdig.
- Sumerian ang tawag sa mga taong nagtatag ng kabihasnang ito. Sila ang nagtatag ng mga unang lungsod- estado tulad ng Ur, Erech, Eridus, Nippur, Kush, Laisa at Lagash.
- Mahahalaga ang mga ambag ng mga Sumerian sa Kabihasnang tulad ng Cuneiform, gulong, cacao, sistema ng pagbilang batay sa 60, kalendaryong lunar, Dome, vault, rampa at ziggurat, at luwad.




PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Gawain 4: Sumer Chart

Panuto: Magtala ng ambag ng kabihasnang Sumer sa aspeto ng Sistemang pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at panrelihiyon.

Kabihasan	Sistemang Pampulitika	Sistemang Pang-ekonomiya	Sistemang Panlipunan	Sistemang Panrelihiyon
Sumer	1. _____	_____	_____	_____



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

I. Panuto: Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali ang pahayag.

- ___ 1. Ang mga tao ay nagsimulang mamuhay sa Ilog lambak ng Tigris at Euphrates.
- ___ 2. Ang mga lungsod -estado ng sinaunang panahon ay naging sentro ng kalakalan.
- ___ 3. Sa pagtatatag ng pamahalaan, nagsimulang umusbong ang mga lungsod-estado ng sinaunang panahon.
- ___ 4. Ang calligraphy ang sistema ng pagsulat na naunang nalinang ng mga Sumerian bago pa sila nanirahan sa lambak ilog.
- ___ 5. Nakitaan ng maunlad na kasanayang teknikal ang mga sinaunang taong nanirahan sa Fertile Crescent.

II. Punan ng tamang sagot ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

Euphrates at Tigris	Grid Patterned	Ziggurat	Pagsasaka
Huang Ho	Epiko ng Gilgamesh	Pari-Hari	Iraq
Scribe	Cunieform	Fertile Crescent	Sumerian

- _____ 6. Itinuturing na pinaka-unang kabihasan sa daigdig.
- _____ 7. Ito ang naging katawagan sa Mesopotamia dahil sa hugis buwan na may mayamang lupain na naging tagpuan ng ibat-ibang uri ng tao mula sa Persian Gulf hanggang Mediterranean Sea.
- _____ 8. Ang sistema ng pagsulat ng taga Sumerian.
- _____ 9. Ang pinakamalaking gusali at templo ng mga Sumerian.
- _____ 10. Nagtatag ng Kabihasnang Sumer.
- _____ 11. Tagapag-ingat ng mga record ng pamahalaan, temple at iba pang institusyon ng mga lungsod.
- _____ 12. Pangunahing hanapbuhay ng mga Sumerian.
- _____ 13. Naglalaman ng mahahalagang tradisyon at katibayan ng kanilang kabihasan.
- _____ 14. Tawag sa lider ispiritwal at political ng mga Sumerian.
- _____ 15. Ang kasalukuyang pangalan ng Mesopotamia.

Sanggunian

Aklat

- Rosemarie C. Blando, Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu. ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba; Modyul para sa mga mag-aaral. Unang Edisyon, 2014
Manunulat: Pilipinas ng Edureources Publishing Inc. p. 112-114.
- Maria Carmelita B. Samson, Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo, Consuelo M. Imperial. Kayamanan: Worktext sa Araling Panlipunan ang Pilipinas sa Asya Unang Edisyon, 2013 Manunulat: Rex Printing, Company, Inc. 84-86 Florentino St. Sta Mesa Heights, Quezon City p. 66
- Romela M. Cruz, Mary Dorothy DL Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado at Jerome A. Ong. Araling Asyano Tungo sa Pagkakakilanlan . Edisyon 2015, Manunulat. Pilipinas, Vibal Group, Inc. Manila : 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City p. 131-139

Website:

- www.worldatlas.com/webimage/country/meriv.html.
- <http://www.mrsk.net/Content%20Standard%206.2.1.html>
- <https://youtu.be/PSLeveOn-PAU>

- Sipi ng Ikalawang Markahang Pagsusulit 2018, 2019

Susi sa Pag-uawast: 1.B, 2.A, 3.A, 4.D, 5.A, 6.Tama, 7.Tama, 8.Mali-Lambak- IIog, 9.Tama, 10.Mali-Euphrates, 11.Tama, 12.Tama, 13.Mali-Pari, 14.Mali-Patron, 15.Tama
Pangwakas na Pagsusulit: I. 1.T, 2.T, 3.T, 4.M, 5.T, II. 6.Sumner, 7.Fertile Crescent, 8.Cuneiform, 9.Ziggurat, 10-Sumerian, 11.Scribe, 12.Pagsasaka, 13.Epiko ng Gilgamesh, 14.Hari-Pari, 15. Iraq